
Anim Na Sabado Ng Beyblade (Buod)

Ferdinand Pisigan Jarin




Unang sabado noong hilingin ni Rebo na magdiwang kahit di pa mismo kaarawan. Nangumbida pa ako ng maraming tao at kasabay nito ang bilin na pagbati ng "Happy Birthday Rebo!" kasama na din ang mga regalong laruan lalong lalo na ang paborito nyang beyblade.

Ikalawang sabado noong nakiberthday naman sya at naglaro ng beyblade kasama ang mga pinsan.

Tatlong araw bago ang ikatlong sabado noong supresa ko syang dinalaw. Unti unti nang naghihina si Rebo at bihira na syang ngumiti. Hindi na nito makuhang laruin ang hawak na beyblade. Unti-unti na ring nalalagas ang kanyang buhok at may dugong nadudukot sa kanyang mga gilagid.

Nang araw mismo ng ikatlong sabado ay inanyayahan ng isa kong katrabaho ang isang mascot upang magtanghal ng libre sa harap ni Rebo. Bagamat hirap ngumiti ay kita naman sa mga mata nito ang lubos na kasiyahan.

Ikaapat na sabado ay ang mabilis na pagkapawi ng lakas ng aking anak. Di na nito makuhang ipasok ang tali ng beyblade. Ramdam ko ang pagod nya upang mapaikot ito.

Huling sabado ng Pebrero ang ikalimang sabado, eksaktong katapusan pagkatapos ng Pebrero ay namatay ang aking anak. Namatay syang buhat ko sa aking mga bisig. Di na kami nakapag-usap ni Rebo.

Ikaanim na sabado nang paglabas ng aking anak sa hospital. Huling sabado

LIVEWORKSHEETS

upang masilayan sya ng mga nagmamahal sa kanya. Wala na ang beyblade at ang may ari nito, payapa nang nakahimlay sa loob ng kabaong. Magkasamang magtutungo sa lugar na walang gutom, walang hirap, walang sakit.

Maikling Pagsusulit batay sa nabasang teksto

Basahin at sagutin ang mga katanungan sa pamamagitan ng pagpili ng tamang sagot. Lagyan ng tsek (/).

1. Unang sabado noong hilingin ni Rebo na magdiwang kahit di pa mismo kaarawan. Nangumbida pa ako ng maraming tao at kasabay nito ang bilin na pagbati ng "Happy Birthday Rebo!"
   Bakit kailangang niyang pagbigyan ang kanyang anak?
   ___________a. Dahil hindi sila nakapagdiwang ng kaarawan nito.
   ___________b. Dahil magwawala ang kanyang anak pag di siya pumayag.
   ___________c. Dahil maaaring huling kahilingan na niya iyon dahil sa kanyang sakit.

2. “Bihira na syang ngumiti,”ang sabi ng kanyang ama.
   Bakit bihira na lang ngumiti si Rebo?
   ___________a. Dahil masakit ang ngipin niya.
   ___________b. Dahil sa kanyang sakit na iniinda
   ___________c. Dahil “spoiled child” siya.

3. Nag-imbita ng Mascot sa tahanan nila Rebo. Sino nag-imbita nito?
   ___________a. kaibigan ng kanyang ama
   ___________b. kanyang ama
   ___________c. kanyang ina.

4. “Ramdam ko ang pagod nya upang mapaikot ito.”
   Bakit sobrang pagod si Redo?
   ___________a. buong hapon siya naglakwatsa
   ___________b. hindi siya nakatulog nang maayos
   ___________c. unti-unti na siyang ginagapi ng kanyang sakit.

5. Huling sabado upang masilayan siya ng mga nagmamahal sa kanya.
   Bakit huling pagkikita na lang nila ito?
   ___________a. pupunta na sila sa ibang bansa.
   ___________b. malapit ng mamatay si Rebo.
   ___________c. iyon ang gusto ng kanyang ina.

LIVEWORKSHEETS